

# PROLOGUE

*Pebrero, 1909*

Hatinggabi, sa hawan sa gitna ng masukal na gubat, nakaluhod ang isang anino. Sumasayaw ang apoy sa sigang ginawa nito gamit ang ilang tuyong sanga ng punong-kahoy. Sa harap ng anino ay isang porselanang mangkok, matulis na kutsilyo, panyo, at isang manok na nakakulong pa sa hawla. Hawak ng anino ang isang maliit na itim na libro at waring nagdarasal. Ibang lengguwahe ang gamit nito.

Pagkatapos ng ilang minuto ay kinuha nito ang panyo at inilagay sa mangkok. Hinagip nito ang manok at ang kutsilyo. Ginilitan nito ang leeg ng hayop at isinahod sa mangkok ang tumutulung dugo. Habang ginagawa iyon ng anino ay patuloy pa rin ang pag-usal nito ng dasal sa salitang Latin. Pagkatapos ay inihagis nito ang katawan ng hayop sa apoy at hinayaang masunog iyon. Hawak pa rin ang kutsilyo, tahimik na sinugatan nito ang kaliwang palad.

At isinahod sa mangkok ang sariling dugo.

Muli itong umusal ng dasal. Umhip ang malakas na hangin at sa kanyang mga mata'y nagkusang

lumiyab ang laman ng mangkok. Nang kusang mamatay ang apoy ay kulay pulang likido ang natira roon.

Mapait na napangiti ang anino. Tapos na ang sumpa. Kailangan na lamang niyang isaboy iyon sa taong nagkasala.

---

Mula sa kinatatayuan matalim na nakatitig lamang si Selina sa kasiyahang nagaganap sa malaking bakuran ng mga Gonzales. Isang tao lamang ang kanyang sinusubaybayan, ang heredero at panganay na anak ng mga Gonzales na si Celso, ang lalaking nangakong mamahalin siya habang-buhay sa kabila ng malaking agwat ng kanilang estado.

Mapait siyang napangiti nang sumingit sa kanyang isip kung paano siya pinagmalupitan nito.

*“Nangako kang iibigin ako habang-buhay, Celso!” umiiyak na sumbat niya. Hindi niya inasahang pagtatawanan lamang siya nito nang sabihin niyang nagdadalantao siya at kailangan nilang magpakasal.*

*“Huwag kang hangal, Selina. Kung gagawin ko iyon, aalisan ako ng mana ng Papa. Isa ka lang muchacha, baka nakakalimutan mo. Hindi ka nababagay sa isang aristócratang tulad ko.”*

*“Ang ibig mo bang sabihin...” Kinilabutan siya nang unti-unting naging malinaw sa kanya ang intensyon nito.*

*Itinuring lamang siyang isang laruan ng binata.*

*“Paano ang aking anak? Anak mo rin ang batang nasa sinapupunan ko!”*

*Isang nakalolokong tawa ang isinagot nito. Sumenyas ito sa likuran at may lumabas na dalawang lalaki. Lalo siyang natakot.*

*“A-ano’ng gagawin mo sa akin?”*

*“Hindi gugustuhin ni Papa na magkaroon ng bastardo ang pamilya. Kaya ngayon pa lamang ay kailangang mawala na ang batang iyan.”*

*Pinanlamigan siya sa takot. Matatanggap niyang niloko siya nito ngunit hindi niya hahayaan na patayin na lamang nito ang kanyang anak.*

*“Wala kang puso! Kaya mong patayin ang sarili mong laman at dugo?”*

*Hindi ito sumagot. Muli itong sumenyas sa mga kasamang lalaki. Bigla siyang sinunggaban ng dalawa.*

*Nilamon ng kalaliman ng gabi ang kanyang mga sigaw ng pagmamakaawa. Higit pa sa pisikal na sakit*

*Kapag Tunay Ang Pag-ibig - Doreen Laroya*

---

*ang naranasan niya sa kamay ng dalawang lalaki. Halos wala na siyang buhay nang lubayan ng mga ito.*

*Humupa na ang sakit sa kanyang puso nang magkamalay siya. Base sa dugong nasa sahi at sa pamamagitan ng kanyang katawan, tiyak niyang nagtagumpay si Celso na patayin ang kanyang anak.*

*Napuno ng galit ang kanyang puso. At kahit nanghihinahina ay tinipon niya ang nalalabing lakas. Hinila niya ang lumang baul sa ilalim ng aparador, inilabas mula roon ang isang itim na libro na pamana pa ng kanyang lola. At matapos tipunin ang iba pang kailangan ay pumasok siya sa gubat.*

*Ngayon na ang tamang oras, Celso. Pagbabayaran mo ang ginawa mo sa anak ko!*

*Humigpit ang hawak niya sa bote na may lamang pulang likido.*

*Lumapit siya sa binata, balewalang nilagpasan ang mga taong sa kanya natuon ang pansin.*

*“Celso!”*

*Gulat na lumingon ang binata. “Ano’ng ginagawa mo dito?” galit na singhal nito.*

*Humalakhak siya at tinitigan ito nang matalim.*

“Narito ako para singilin ka sa pagpatay mo sa anak ko! Pagbabayaran mo at ng mga susunod mong salinlahi ang kasalanan mo sa akin. Kahit kailan ay hindi ka magiging masaya.”

Isinaboy niya ang laman ng bote sa mukha nito. The red fluid covered his upper body as if it was his own blood.

“Walanghiya ka! Ano’ng ginawa mo?” galit na sigaw nito.

Muling tumalim ang kanyang mga mata. Nagsimula siyang mag-orasyon.

*“Cum terra longissime a sole*

*Tertia decade*

*Quod falsa et cor*

*Quod latebat ab oculis*

*Maledictio incidant qui decipit*

*Crudele cor manet mendax!”*

Nahindik ang lahat sa kanyang sinabi. Wala isa mang makapagsalita.

*“Maledictionem super vos!”*

Umhip ang malakas na hangin sa pagkatakot ng

lahat. Ang iba ay napaantanda.

With those last words, iniwan ni Selina ang nakatulalang grupo. At bago pa makabawi si Celso sa nangyari ay mabilis nang nakalayo ang dalaga.

Sa dalampasigan dinala ng kanyang mga paa si Selina. Malungkot siyang umupo sa buhanginan at hinintay ang paglubog ng araw. Nang mag-umpisa nang magpalit ng kulay ang kalangitan ay tumayo siya at hinubad ang lahat ng kasuotan. Pagkatapos ay lumusong siya sa tubig. Hindi siya tumigil hanggang sa tuluyan siyang lamunin ng dagat.

# 1

Manila, present day...

“Good morning, Auntie!” bati ni Eiric sa tiyahing si Elise.

Nag-aalmusal ito sa lanai. Malayong pinsan ito ng papa niya at isang matandang dalaga. Kapisan na nila ito bago pa man siya ipanganak.

“Good morning, Hijo,” ganting bati nito. Dumulog siya sa mesa at sinaluhan ito sa pagkain. “Siyanga pala, your thirtieth birthday is due next week. Napag-isipan mo na ba iyong sinabi ko sa iyo?”

His aunt wanted to bring him to a seer.

“Auntie, paulit-ulit na lang nating pinagtatalunan ito. Bakit ba kinukulit ninyo akong magpunta sa manghuhula?”

Tumigil sa paghigop ng kape ang babae at tinitigan siya.

“Eiric, alam mo kung bakit. Natatakot ako sa maaaring mangyari sa iyo!”

He rolled his eyes and replied in a mocking tone.

“Yeah, yeah, that curse thing again.”

“Huwag mong gawing biro ang sumpa, Eiric. Totoo ’yun.”

“Pero, Auntie, nasa computer age na tayo. Hindi na uso ang mga *sumpa-sumpa* na ’yan.”

“Moderno na rin ang panahong kinamulatan ng papa mo. At hindi rin siya naniwala sa sumpa. And look where that got him. Six feet underground! After his thirtieth birthday!”

Napailing na lang si Eiric sa sunod na litanya ng tiyahin. Inumpisahan muli nito ang sordid history ng kanilang angkan, kung paanong may nilokong babae ang great great grandfather niyang si Celso. The said woman cast a spell on him at sa lineage nito. At mula noon, ang mga lalaking direct descendant ng kanyang nuno ay nangamamatay pagsapit ng ikatatlumpung kaarawan ng mga ito.

Fourth generation na siya ng angkang Gonzales mula sa kanyang great great grandfather.

“Nakita ko kung paanong namatay ang papa mo. And it was not a pretty sight.”

His father died because of a car accident. Kasama nito ang mama niya nang sumalpok ang sinasakyang



kotse sa isang nakatigil na dump truck. Halos mayupi ang sasakyan sa lakas ng impact. Halos madurog din ang katawan ng dalawang sakay sa front seats. His parents died on the spot.

Walang makapagsabi kung bakit mabilis ang takbo ng kanyang papa. His father had always been a cautious driver. May hinala na baka nag-aaway ang dalawa. Alam niyang hindi maayos ang pagsasama ng mga ito.

But who could really tell? Ibinaon na kasama ng mga ito ang tunay na dahilan kung bakit nangyari ang aksidente.

“Aksidente ang nangyari, Auntie. Nagkataon lang na kinuha si Papa sa ganoon kabatang edad. But it doesn’t prove anything. Lalo na iyang tungkol sa sinasabi ninyong sumpa.”

“And how will you explain what happened to your grandfather? And to your great grand father? Hindi coincidence lang ang lahat, Eiric.”

“Pero, Auntie...”

Nabahala ang matandang babae. Pinisil nito ang isang palad niya. “Eiric, please, sumunod ka naman sa akin kahit ngayon lang. Ako na ang nagpalaki sa iyo. Kulang na lang ay lumabas ka sa katawan ko

para matawag kitang tunay na anak.”

Hindi maiwasan ng binata na itirik ang mga mata. Heto na, nagre-resort na sa emotional blackmail ang tita niya.

“Masisisi mo ba ako kung mag-alala ako sa iyo? Kasalanan ko ba kung minahal kita na parang anak na?” Humikbi ito at nagpunas ng imaginary tears. “I’m really worried about you. Ayokong mawala ka sa akin. At saka, wala namang mawawala sa iyo kung sasama ka sa akin. Walang mawawala kung paminsan-minsan ay maniniwala ka.”

Isang malalim na hininga ang pinawalan niya. Tiyak na kukulitin lamang siya nang kukulitin ng mabait na matanda. Mas makabubuting sumama na lang siya. Para matapos na ang lahat ng nonsense na ito.

“Okay, sige. You win. Sasama na ako.”

Umaliwalas ang mukha ng tiyahin. “Talaga?”

Tumango na lamang siya.

---

Naghanay sa gilid ng mataong *Quiapo Church* ang mga manghuhula. Bakas ang pagkainip sa mukha ni Eiric. Kanina pa sila paikut-ikot ng kanyang auntie

sa paghahanap sa manghuhula na inirekomenda umano ng kaibigan nito.

“Auntie, sure ba kayo na dito natin makikita ang Madam Lesare na iyon?”

“Oo. Dito lang daw siya sa harap ng simbahan. Sa Carriedo Street.” Palinga-linga ito. Lumapit ito sa isang tindera at nagtanong.

May itinurong tindahan ang pinagtanungan. Pagpasok nila doon ay nagtanong uli ang kanyang tiya. Itinuro sila ng may-ari sa isang pasilyo patungo sa isang saradong pinto. Sinenyasan siya ng matanda na sumunod dito.

Salubong ang kilay na naglakad siya.

Walang bintana sa loob ng silid na pinasukan nila. Mapusyaw ang liwanag ng incandescent light na nakabitin sa mababang kisame. Isang lumang bentilador lang ang nagbibigay ng hangin sa loob.

Nakaharap sa mesang kahoy ang isang matandang nakasuot ng itim na belo. May nakalatag na tarot cards sa mesa at may malaking bolang crystal sa gitna. Pumalibot doon ang usok ng hinihithit na sigarilyo ng matanda.

“Mawalang-galang na po, kayo po ba si Madam

Lesare?” tanong ng kanyang tiya.

Tumingin lamang ang babae at sinenyasan silang pumasok. Napaubo silang magtiya nang malanghap ang usok ng sigarilyo. Inilabas ng auntie niya ang dala nitong pamaypay at pinaypayan ang sarili.

“Ano’ng maipaglilingkod ko sa inyo?” tanong ng matandang babae.

“Ah, ito po kasing pamangkin ko—”

“Akin na ang kanang palad mo,” utos ng matanda di pa man nasasabi ng kanyang tiya ang lahat.

His aunt eyed him forcefully. He reluctantly gave the other woman his right hand.

“Hmm...” Tiningnan nito ang guhit ng kanyang palad. He rolled his eyes heavenward. “Masuwerte ka.”

“Ho?” Muntik nang mapabunghalit ng tawa ang binata.

Akala ba niya may sumpang nakakabit sa kanyang pangalan? Pero heto at sinasabihan pa siya nitong masuwerte.

Tinitigan siya nang matalim ng kanyang tiya.

“Madame Lesare, ano kasi, may sumpa kasing

kakambal itong pamangkin ko.”

The seer seemed surprised. Pero agad itong bumawi.

“Ah, oo. Ang sumpa. Kaya pala maitim ang aurang bumabalot sa iyo.”

Eiric let out a sneer. *Jesus! This woman is a fake!* saad ng isip niya. Ngunit hindi na niya iyon sinabi.

“Ah, Auntie, puwede ba akong lumabas muna? Tatal naman nakita na ni Madame ang palad ko. Maybe she can counter the curse without me.”

Kahit bakas sa mukha ng tiyahin ang pagtutol ay hindi na niya ito pinansin. Nagmamadaling lumabas siya ng silid.

He inhaled a breath of air nang makalabas. Daig pa niya ang nakulong sa dungeon. At kung nagtagal pa siya sa loob, baka nga matupad na iyong sumpa.

He could die of suffocation in there!

Tumayo lang siya sa labas at hinintay na bumalik ang kanyang tiya. Habang pinagmamasdan niya ang mga taong naglalakad ay isang matanda ang bigla na lang natumba sa kanyang harapan. Agad niya itong tinulungan. Napahawak ito sa kanyang kamay nang alalayan niya ito patayo.

*Kapag Tunay Ang Pag-ibig - Doreen Laroya*

---

The older woman did not move for awhile. Humigpit ang kapit nito sa kanya. Her eyes looked straight at him, but she did not appear to really see him.

“Lola, okay lang ba kayo?” tanong niya. Iba ang sinabi nito.

*“Kapag ang mundo’y malayo sa araw*

*Sa pagsapit ng ikatlong dekada*

*Ang hindi tunay sa puso’t isipan*

*Ang balat-kayong itinago sa mata*

*Mangyayari ang sumpang binitiwang*

*Magwawakas ang lahat sa malagim na kamatayan!”*

“Ho? Ano ho bang ibig ninyong sabihin?” Isang di maipaliwanag na kilabot ang agad na gumapang sa kanyang gulugod. Para siyang hinawakan ng isang malamig na kamay.

“Ana! Siya lamang ang makakapagligtas sa iyo sa kamatayan. Siya lamang ang tatapos sa sumpa!”

*Paanong...*

“Lola!”

Isang malamyos na tinig ang kapwa nagpalingon

sa kanila.

“Annika?”

“Naku, Lola! Bakit bigla na lang kayong umalis sa tabi ko? Alam n’yo naman na delikado na sa inyo ang lumakad nang mag-isa.”

Inalalayan ng bagong dating ang abuela. Nangunot ang noo ni Eiric.

“Tayo na ho. Umuwi na tayo.” Noon lang parang napansin ng babae ang presensya niya. Tumitig ito sa kanya at ngumiti.

And he was momentarily stunned.

Nakatitig siya sa pinakamagandang mga mata na nakita niya. Big round eyes with long eyelashes that curled at the tip.

“Maraming salamat sa pagtulong mo sa lola ko.” Muli nitong binalingan ang abuela. “Tayo na ho.”

Para siyang nagising sa isang pagkakatulog. “Teka, sandali!”

Napalingon sa kanya ang dalawa. Lumapit siya sa mga ito. “Lola, iyong sinabi ninyo sa akin kanina, ano po ang ibig sabihin n’un?”

Nangunot ang noo ng matanda. Tinitigan siya

nito na para bang unti-unti siyang tinubuan ng pangalawang ulo.

“Sino ka ba, Hijo?” Napatingin pa ito sa apo na parang humihingi ng saklolo.

“May sinabi kayo kanina...” ulit niya.

“Hindi ko maalala,” anito sa naiiyak na tinig. Duda niya ay umaarte lang ito. Paano nito nalaman ang tungkol sa sumpa? But by the looks of the old woman, mukhang hindi normal ang pag-iisip nito.

“Ah, Mister, pasensiya na. Baka nagkakamali ka lang. Medyo ulyanin na kasi si Lola.”

“P-pero...”

“Sige. Salamat uli sa tulong mo.”

Hindi na niya nagawang pigilan ang dalawa. Hanggang sa mawala ang mga ito sa paningin niya ay nakatayo pa rin siya roon. Saka lamang siya nakakilos nang tawagin siya ng tiyahin. Nagtatanong ang mga mata nitong nakatitig sa kanya. Pero paano niya ipaliliwanag dito ang lahat kung siya mismo ay naguguluhan?



## 2

He was awakened one Friday morning by a pungent smell.

“What the hell?”

Nasa loob ng kanyang silid ang kanyang tiya. May hawak itong palayok na may tali, sa loob noon ay may kung anong umuusok. Iyon ang pinanggalingan ng matapang na amoy.

“Auntie, what the hell is that? At bakit kayo narito sa loob ng kuwarto ko?” Napatingin siya sa alarm clock sa mesita. “It’s six in the morning, for God’s sake!”

“Keep quiet, Eiric. And don’t worry, sandali lang ito. Bilin kasi ng manghuhula na pausukan ng insenso ang apat na sulok ng silid mo, at ang buong bahay. And we need to do it for nine consecutive Fridays.”

Nasira na ang araw niya. Inis na bumangon ang binata, hindi man lang nahiyang briefs lang ang suot.

“And that’s supposed to reverse the spell? Jesus, Auntie! That woman is a fake!”

Inirapan siya ng tiyahin.

Nagmumura pa rin sa isip si Eiric nang pumasok sa banyo para maligo. Paglabas niya ay wala na roon ang kanyang tiya. Pero naroon pa rin ang amoy ng insenso.

Inis na kumuha siya ng damit at agad na nagbihis.

“Oh, saan ka pupunta? Hindi ka pa nag-aalmusal,” tanong nito nang makitang palabas na siya ng bahay.

“Sa office na lang ako kakain.”

“But it’s too early! Wala pa doon ang mga tauhan mo!”

“Inisip n’yo muna sana iyan bago ninyo sinigaan ang buong bahay!” Nagdadabog na lumabas siya ng bahay at nagtungo sa garahe.

Kahit panay ang tawag ng kanyang tiya ay di niya ito pinansin. He didn’t want to be rude, pero mainit talaga ang ulo niya. At kung hindi siya aalis ay baka mag-away lang sila ng tiyahin. At hindi niya gustong saktan ang damdamin nito.

*Damn that curse!*

Inis na pinukpok niya ng kamao ang manibela. Biglang sumingit sa isip niya ang matanda na aksidente niyang nakaengkuwentro sa Quiapo. Mas mukhang convincing pa ang sinabi nito kaysa sa

*Kapag Tunay Ang Pag-ibig - Doreen Laroya*

---

sinabi ng manghuhula. And something in her eyes told him na kailangan niyang maniwala rito.

Pero hindi niya alam ang ibig nitong sabihin. At ilan lang sa sinabi nito ang natandaan niya. Partikular na iyong tungkol sa babaeng nanggagalang Ana. Na ito lang ang makakatulong para tapusin ang sumpa.

Lalong nadagdagan ang frustration niya. And for the first time, parang gusto na niyang maniwalang isinumpa talaga siya.

*Kailangang makita ko uli ang matandang iyon.  
Kailangang makausap ko siya.*

---

Kinalingguhan, bumalik si Eiric sa Quiapo, minus his aunt. Hindi muna niya sinabi rito ang nangyari dahil kahit siya ay naguguluhan pa rin.

Nasa harap siya ng simbahan at panay ang lingon niya sa paligid. Hanggang sa makita niya ang hinahanap sa harap ng mismong pinto. Abala ito sa pagtitinda ng sampaguita at mukhang nag-iisa lang ito. Hindi niya alam kung bakit bigla siyang natuwa dahil wala itong kasama.

Busy si Annika sa pagtitinda ng sampaguita. Wala siyang kamalay-malay na kanina pa may nakatingin

sa kanya.

“Bili na po kayo ng sampaguita. Sampung piso lang po, Ale.”

“Puwede ko bang pakyawin ang tinda mo?”

The deep masculine voice startled her. Paglingon niya ay lalo siyang nagulat sa di inaasahang mukhang nabungaran. “Hi!” bati nito.

Annika’s heart did a somersault nang ngumiti ang binata. “H-hi.”

Ilang minuto din itong nakatitig sa kanyang mukha bago nito inginuso ang hawak niyang bungkos ng sampaguita.

“Magkano ba lahat iyan?”

“Bibilhin mo? Seryoso ka?”

“Oo naman. Bakit?”

She eyed him suspiciously. “One hundred pesos ito lahat.” She said. Balewalang dumukot ito ng isang five hundred peso bill sa wallet.

“Wala akong pamalit sa pera mo.”

“Just keep the change,” nakangiti pa ring sagot nito.

Kinuha niya ang pera. “Sandali lang.” Pinuntahan niya ang kakilalang tindera at nagpapalit. Pagbalik niya sa binata ay isinauli niya rito ang four hundred.

“Sukli mo.”

“Di ba sabi ko sa iyo keep the change?”

“Ayoko. Hindi iyon tama.” Itinaas niya ang hawak na garlands. “So, kaninong patron mo gustong ialay ito?”

“Ha?”

Napahagikgik siya sa reaksyon nito. “Hindi ka madalas magsimba, ano?”

He guiltily combed his hair with his fingers. “Yup. Not much of a devout Catholic. But don’t get me wrong, hindi ako atheist. At kabisado ko ang *Ama Namin*.”

Tuluyan na siyang napatawa. Hinila niya ang binata papasok sa simbahan.

“Halika, sumama ka. Ipapakila kita kay Señor.”

May ngiti sa labing sumunod si Eiric sa dalaga. Magaan ang pakiramdam niya at para siyang tumama sa lotto sa sobrang saya.

Umakyat sila sa altar ng *Black Nazarene* at doon

inialay lahat ni Annika ang dalang sampaguita. Umusal ito ng isang maikling dasal pagkatapos. He prayed one *Our Father* himself.

“Nasaan nga pala ang lola mo? Hindi mo yata siya kasama,” puna niya nang makalabas na sila. Hindi niya alam kung saan ito pupunta, basta nakasunod lang siya sa dalaga.

Huminto ito at tinitigan siya.

“Hindi ka nagpunta dito para bumili lang ng sampaguita, tama ba ako?”

Ilang sandaling nagtitigan lang sila. At hindi niya maintindihan kung bakit para siyang na-hypnotize ng mga mata nito. He just couldn't take his eyes off her beautiful face.

“Tama ka. Actually, ikaw talaga ang sadya ko.”

“Ako o ang lola ko?”

Napabuntong-hininga siya. “Look, hindi ako masamang tao. At wala akong intensyong saktan ka o ang lola mo. It's just that... I know this sounds ridiculous, but she said some things about me. Mga bagay na ako lang at ang pamilya ko ang nakakaalam. At gusto ko lang sanang makausap siya kung bakit alam niya iyon.”

Nakita niyang duda pa rin ang dalaga. “Please, handa akong magbayad kahit magkano. I really, really need to talk to her.”

“At sa tingin mo makukumbinsi ako sa alok mo?” walang-bahid ng sarkasmo ang tinig nito, bagay na nagpalakas ng loob niya.

“Then sabihin mo kung ano ang gusto mong gawin ko.”

“Hmm... let me see.” Inilagay nito ang isang hintuturo sa sentido na waring may malalim na iniisip. “Ano kaya kung mag-novena ka sa *Black Nazarene*?”

“What?” Nangunot ang noo niya. “Seryoso ka ba?”

Sa kanyang pagkabigla ay tumawa ito. “Nakakatuwa ka naman.”

He could not believe his ears. Ito ang ang kauna-unahang babae na nagtawa sa kanya. Kung sa ibang babae ay nabuwisit na siya. But not this time.

“Sorry. Hindi ko sinasadyang biruin ka. Nasa bahay si Lola. Medyo masama kasi ang pakiramdam niya kaya hindi ko na isinama.”

“Ganoon ba? Puwede ko ba siyang makausap?”

“Sige. Wala namang masama. Halika na.”

“Dito naka-park ang kotse ko.”

“Naku, lakarin na lang natin. Malapit lang ’yun dito.”

“Ako nga pala si Eiric Gonzales,” pakilala niya sa sarili.

“Ako si Annika Agustin.” Tinanggap nito ang palad niya. They shook hands briefly.

Kapwa sila hindi makapagsalita pagkatapos. Maybe because of the electricity which ran through their bodies the instant their hands met.

Tahimik lang siyang naglakad katabi ang dalaga. Hanggang sa mapuna niya na medyo mahaba-haba na ang oras na ginugol nila sa paglalakad.

“Malapit lang ba talaga ang bahay ninyo?”

“Oo, bakit?”

“Kasi...” Tinaasan siya nito ng kilay. Naipit sa ngala-ngala ang reklamo niya. “W-wala lang. Naitanong ko lang.”

*Shit! Parang kalahating oras na kaming naglalakad. Where the hell is she taking me?*



Noon niya naisip na baka miyembro ito ng isang sindikato na ang target ay ang mga tatanga-tangang mayayaman na tulad niya. He looked at her sideways. Walang kahina-hinala sa kilos nito.

Hindi naman siguro.

Pumasok sila sa isang eskinita na kasing-lapad lang ng riles ng tren. Dikit-dikit ang mga bahay na maganda namang di hamak tingnan kumpara sa mga barong-barong. Malinis din ang lugar at mukhang matitino ang mga nakatira roon. Tumigil sila sa tapat ng isang pulang gate.

“Dito ang bahay namin. Halika, tuloy ka.”

Simple lamang ang two-storey house na napasukan niya. Kakaunti lamang ngunit maayos ang mga gamit. Malinis din ang paligid.

“Upo ka muna. Baka nasa kusina si Lola.”

Halos masakop niya ang pandalawahang sofa na yari sa mumurahing leather. Bukod sa set ay isang maliit na center table, isang wood divider na pinagpapatungan ng lumang 21-inch TV, at isang portable cassette recorder ang mga gamit na nasa sala. May wall clock sa dingding. Halatang kahit mumurahin ay alaga ang mga gamit at pati na rin ang buong bahay. Ang bulaklaking kurtina na nakasabit

sa bintana ay lalong nakadagdag sa kaaya-ayang  
ambiance sa loob ng bahay.

Nakarinig siya ng kaluskos mula sa kusina.  
Lumabas si Annika akay ang abuela. Isa pang  
matandang babae ang nakasunod sa dalawa.

Tumayo siya bilang pagbibigay-galang.

“Eiric, si Lola Matilda. Ito naman ang nanay ko,”  
tukoy nito sa babaeng noon lang niya nakita.

“Magandang umaga po. Pasensya na po kayo sa  
abala.”

“Naku, walang anuman iyon.” Ang ina ng dalaga  
ang nagsalita. “Nasabi sa akin ni Annika kung bakit  
gusto mong makausap ang Mamang.”

“Huwag n’yo po sanang ikagalit. Wala po akong  
intensyong masama.”

“Hindi iyon ang inaalala ko.” Tumayo ang ginang.  
“Hay naku, ang mabuti pa’y si Annika na lang ang  
magpaliwanag sa iyo. Ikukuha ko kayo ng merienda.”

Nang mawala ang matandang babae ay saka lang  
nagsalita si Annika.

“Lola, siya po si Eiric. Siya po iyong tumulong sa  
inyo doon sa simbahan.”

“Siya ba ang nobyo mo? Aba’y kaguwapong binata!”

Pareho silang natawa sa sinabi ng matanda.

“Lola, hindi ko po nobyo si Eiric. Kakilala ko lang po siya. Narito po siya kasi may gusto siyang itanong sa inyo.”

“Ano ba ang itatanong niya?”

Tinanguan siya ng dalaga. He leaned closer para marinig siya ng matanda.

“Lola, natatandaan n’yo pa po ba iyong sinabi ninyo sa akin noon? May binanggit kayong parang tula, tapos may sinabi kayong pangalan.”

Hindi makapaniwalang tumitig lang sa kanya ang matanda.

“Sinabi ninyo iyon nang humawak kayo sa braso ko. Subukan n’yo kayang hawakan ulit ako, baka matandaan ninyo.”

He offered his arm which the old woman grabbed. Pero wala pa ring nagbago sa ekspresyon nito.

“Ano ba kasi ang sinabi ko sa iyo? Hindi ko na matandaan. Inaya ba kitang mag-date?”

Kung sa ibang pagkakataon, bubunghalit siya

ng tawa. The old woman was completely adorable!

“Pasensya na, hane. Pero may asawa na kasi ako. Nasaan na ba ang diyaskeng lalaking iyon?”

Annika gave him an apologetic smile, bago muling binalingan ang lola.

“Ang mabuti pa, La, ihatid ko na kayo sa kuwarto. Magpahinga muna kayo. Tatawagin na lang kayo ni Nanay kapag kakain na.”

“Hanapin mo nga ang lolo mo.”

Annika smiled patiently at her. “May binili lang po siya sa palengke. Babalik na din po iyon mamaya.”

Inalalayan nito ang abuela. “Ipapasok ko lang sa kuwarto si Lola,” she whispered.

Naiwang frustrated at walang magawa ang binata. Obvious na ulyanin na ang matanda. But she couldn’t have just made those things up!

Bumalik ang dalaga na bitbit ang isang tray na may lamang juice at isang slice ng chocolate cake na halatang binili lang sa tindahan.

“Mag-merienda ka muna,” alok nito. “Pasensya ka na, ha? Sabi ko na kasi sa iyo noon na may pagkaulyanin na si Lola.”

“Okay lang. Ako naman ang mapilit. Hindi lang kasi maalís sa isip ko ang mga sinabi niya. It seemed so real. Impossible talagang gawa-gawa lang niya iyon.”

“Alam ko ang ibig mong sabihin.” She paused for a while, parang tinatantya kung dapat ituloy ang balak sabihin. “K-kung anuman ang sinabi ni Lola sa iyo, may possibility na totoo iyon.”

Muntik na niyang maibuga ang iniinom na juice.

“Lola has this gift. Ang sabi ni Nanay, bata pa raw si Lola, may ability na siya to see the past and the future. Ang problema nga lang, spontaneous iyon at hindi niya kontrolado. At palagi rin, after the visions ay wala na siyang recollection kung ano ang nakita niya. Para siyang pumapasok sa isang trance at paglabas niya, wala na siyang maalala.”

That explained the weird look on the older woman’s face noong unang beses na ma-encounter niya ito.

“Noong hawakan ka niya, iyon siguro ang nag-trigger ng visions niya.”

“Pero bakít kaninang hinawakan niya ako, walang nangyari?”

“Gaya nga ng nasabi ko, hindi niya kontrolado kung kailan lilitaw ang mga visions. Siguro nangyayari na lang.”

He eyed her seriously. “Wala ka bang... I mean, hindi mo ba namana ang—”

“Naku,” she let out a nervous laugh, “hindi, eh. At mabuti na lang dahil ayoko ng ganoong gift.”

Biglang lumaylay ang kanyang mga balikat.

“Bakit ba interesado ka sa sinabi ni Lola noon? Ano bang kaugnayan n’un sa buhay mo?”

Muli siyang bumuntong-hininga. “I was born with a curse.”

“Ano? Sumpa?”

Tumango siya. “I know. Hindi kapani-paniwala, di ba? And in this day and age. But unbelievable as it may seem, nagsisimula na akong maniwala na totoo ang mga kuwento. Lalo na noong unang makausap ko ang lola mo.”

“Ano bang... klaseng sumpa mayroon ka?”

“Well, I don’t know exactly. Pero lahat ng lalaki sa pamilya namin na direct descendant ng great great grandfather ko ay namatay pagsapit ng thirtieth

birthday nila.”

“A-at ilang taon ka na?”

“I’ll be turning thirty sa February 2. Just two weeks from now.”

Hindi makapaniwalang naitakip ni Annika ang isang kamay sa bibig. Kita sa mga mata nito ang biglang pagguhit ng takot.

“I-ibig bang sabihin...”

“Unless makahanap ako ng way para ma-reverse ang sumpa, may possibility na mamatay din ako after my birthday.”

Isang kakaibang kilabot ang naramdaman ni Annika. At bigla ring nag-init ang mga mata niya. She had to blink several times para huwag lang tumulo ang kanyang luha. And odd, dahil wala siyang dapat iyakan. Ano ba ang pakialam niya kung mamatay ang kaharap na binata? Hindi naman niya ito kaano-ano. But for an unknown reason, ayaw niyang mawala ito.

### 3

Hindi maintindihan ni Eiric kung bakit ganoon na lang ang reaksyon ni Annika. Malayo sa awa ang nababasa niya sa mga mata nito. It was more akin to concern, if not fear, for him. At napuno ng fondness ang puso niya.

“H-hindi mo ba naaalala kahit konti ang sinabi ni Lola? Baka naman... may makuha tayong clue para mapalaya ka sa sumpa.”

Tuluyan na siyang napangiti.

“Hindi. Wala talaga akong matandaan.” Sinubukan niya kung ano ang magiging reaksyon nito. At tama siya dahil nadoble ang takot sa mga mata nito.

Her lips started to quiver. “P-pero hindi puwede iyon!”

Lalong lumapad ang kanyang ngiti. “Why do you care so much for me? Ngayon lang tayo official na nagkakilala. And after this conversation, there’s a slim chance we’d see each other again. Talaga bang malulungkot ka if ever mamatay ako?”



It was a bait she gladly took.

“Of course I care! Ikaw ba kapag nalaman mong may mamamatay na tao na puwede mo namang iligtas, hindi ka ba gagawa ng paraan para matulungan siya?”

“I will kung alam ko kung paano. But given my circumstances, ni wala tayong idea kung may katotohanan nga ang sinasabi kong sumpa. It could just be a fabricated rumor passed down over the years.”

“Hindi umaarte lang ang lola ko. At lalong hindi ako nagsisinungaling nang sabihin kong may gift siya. Kung may sinabi siya sa iyo, that means totoo talaga ang sumpa at nanganganib talaga ang buhay mo.”

“Alam mo, you sound like a worried wife,” hindi na nakatiis na saad niya. “Nakakaaliw ka.” Sinabayan niya ng marahang tawa ang sinabi.

---

Natahimik si Annika. Ano ba ang pinagsasabi niya? Did she really sound like a worried wife? Ganoon ba katindi ang pag-aalala niya?

Paano niya ngayon babaguhin ang impresyon nito?

“Huwag mong bigyan ng malisya ang kilos ko. Natural lang sa akin ang... m-mag-alala. Kahit sinong lumagay sa katayuan ko, ganito rin siguro ang mararamdaman.”

“Oh, I doubt that.”

Nalukot ang mukha niya. Ano ba ang gustong palabasin ni Eiric? Na may gusto siya rito kaya ganoon na lang kung mag-alala siya?

“Fine! Isipin mo kung ano ang gusto mong isipin.” *Malisyoso! Ikaw na nga ang tinutulungan...* Pero hindi niya maiwasang kiligin.

“May sinasabi ka ba?”

“Ha? N-naku, wala.” She turned away guiltily.

“May gagawin ka ba ngayon?”

Nalilitong tumitig siya rito. “Wala naman. Bakit?”

“Baka gusto mong samahan akong mag-lunch sa labas.”

“H-ha?” Did he just invite her to a lunch date?  
“A-ano, eh...”

“Para kasing may naalala ako d’un sa ilang mga sinabi ng lola mo. Baka puwede nating pag-usapan.”

Naloko na! Mukhang alam na nito kung paano pupukawin ang curiosity niya.

“Gusto mo akong tulungan, di ba? Help me solve the riddle.”

“B-bakit sa labas pa? Hindi ba puwedeng dito na lang?”

“Hindi ba sabi mo, hindi maganda ang pakiramdam ng lola mo? Makakaabala tayo kung dito tayo mag-uusap. Baka ma-stress pa siya.”

Hmm... may katuwiran ang binata.

“Sige na. I really need to talk to someone right now. Hindi lang halata pero natatakot din ako sa puwedeng mangyari sa akin.”

Tinaasan niya ito ng kilay.

“Don’t worry, ihahatid kita uli dito. At hindi ako masamang tao. Hindi ko sasamantalain ang tiwala mo,” anito nang makitang nag-aalangan pa rin siya.

Annika sighed defeatedly. Mabait siya. At kung kaya rin lang ay handa siyang tumulong sa kapwa. Pero hindi siya tanga para sumama nang mag-isa at magtiwala agad sa isang estranghero.

*No matter how gorgeous he looks.*

Eiric was still a stranger. Pero pagdating sa binata ay parang marshmallow ang puso niya.

“Okay, sige. Magbibihis lang ako. Magpapaalam na rin ako kay Nanay.”

Ang lapad ng ngiti ni Eiric.

---

“Ni minsan talaga, hindi ka pa nagka-boyfriend?” tanong ni Eiric habang kumakain sila sa isang fast food restaurant.

Gusto sana ng binata na sa isang medyo class na restaurant sila pumunta. Nagdahilan siyang hindi siya sanay kumain ng de numero.

“Teka nga muna, nakakahalata na ako sa iyo. Kanina ka pa nagtatanong ng tungkol sa buhay ko,” reklamo ni Annika.

“So? What’s wrong with that? I just want to know you better.”

“What’s wrong? Hindi iyon ang dapat nating pag-usapan, remember? Ang sabi mo ay may naalala ka sa sinabi ni Lola. Huwag mong sabihin na niloko mo lang ako para sumama sa iyo?”

Inilapag nito ang plastic cup na may lamang

softdrinks.

“Okay, sige aaminin ko na. Gusto talaga kitang makilala. Iyon talaga ang dahilan kaya kita niyayang lumabas. Pero hindi ako nagsisinungaling nang sabihin kong may natandaan akong ilang bagay sa sinabi ng lola mo.”

“Baka puwede na nating pag-usapan iyon? Tatal, naikuwento ko na sa iyo ang buong buhay ko.”

He stared at her. Hangga’t maaari sana ay ayaw muna niyang pag-usapan ang tungkol sa sumpa. Pero kung iyon lang ang paraan para makasama pa si Annika nang matagal, wala siyang choice.

“She chanted something. Ang natandaan ko lang ay iyong tungkol sa mundo na malayo sa araw, at iyong pagsapit sa ikatlong dekada. Ano sa tingin mo ang ibig sabihin noon?”

Sandaling nag-isip ang dalaga.

“Sampung taon ang katumbas ng isang dekada. So, ang tatlong dekada ay katumbas ng tatlumpung taon. Hindi ba nasabi mo na namatay ang papa mo at ang iba pang lalaki na direct descendant ng great great grandfather mo pagsapit ng edad na tatlumpu?”

“Oo. At iyon marahil ang ipinaparating ng

mensahe ng lola mo nang alalayan ko siya. Pero ano ang kahulugan ng pagiging malayo ng mundo sa araw?”

“It could be a season, or a period within a year.” Sumulyap ito sa kanya. “Kailan ba namatay ang papa mo?”

“December 21.” Natigilan siya at napatingin sa dalaga. “Parang ganoong date din namatay ang lolo ko.”

“Hindi ko alam kung anong meron sa date na iyon kung bakit parang malas sa mga lalaki sa pamilya n’yo. Puwede mong i-*Google*. May iba pa bang sinabi si Lola?”

“May nasabi rin siya about a girl named Ana. Siya lang daw ang makakatulong sa akin para makawala sa sumpa.”

Annika tried to hide her disappointment. Bakit hindi na lang pangalan niya ang binanggit ng lola niya? Humigop siya ng softdrink para pawiin ang inis na naramdaman.

“Baka gawa-gawa mo lang ’yan para pagselosin ako?”

Gumuhit ang isang nakakalokong ngiti sa mukha

ng binata. Noon lang niya naisip kung ano ang nasabi.

“Bakit, nagseselos ka ba? Ibig sabihin, may gusto ka sa akin?”

“Wala, ah!” Inirapan niya ito para pagtakpan ang pagkapahiya. “Ang kapal ng mukha mo!”

“Aba, ikaw kaya ang nagsimula! Honey, para sabihin ko sa iyo, hindi ko gawa-gawa iyon. Talagang iyon ang sinabi ng lola mo.”

Did he just call her Honey? Nag-flying trapeze ang puso niya.

“Baka naman may kakilala kang Ana?” tanong nito.

Kunwa’y nag-isip siya.

“Akala ko ba, tutulungan mo ako?” Dumukwang pa ito palapit sa kanya. Naging prominent ang amoy ng male cologne na gamit nito.

At kung di siya nakapagpigil ay baka napapikit na siya at sininghot ang bango nito. Sumandal siya sa upuan para umiwas.

“Teka lang, nag-iisip ako.”

Sumandal din ito pero titig na titig pa rin sa kanya habang humihigop ng softdrinks.

“Ganito na lang, tutal sa munisipyo ako nagtatrabaho, pakikiusapan ko na lang iyong kaibigan ko sa *Office of the Registrar* para maghanap ng may pangalang Ana dito sa Manila.”

“Talaga? Gagawin mo iyon?”

“Nangako akong tutulong, di ba?”

“Kahit masama ang loob mo dahil nagseselos ka?”

Alam niyang tinutukso siya ng binata. At kahit totoo, ayaw na niyang ibuko lalo ang sarili. Magiging kahiya-hiya na siya talaga kapag nagkataon. Imagine, ngayon lang niya ito nakilala pero feeling close na agad siya! Hindi yata magandang impression ang ganoon.

“Hindi nga ako nagseselos! Bakit ba ang kulit mo?” inis na tanong niya.

“Binibiro ka lang, masyado ka namang pikon!”  
At napahalakhak ito.

Napailing na lang siya at natawa na rin. Sa lahat ng isinumpa at nakatakda nang mamatay, ito lang yata ang masaya at may ganang magbiro.

Ang masama, siya yata ang napili nitong gawing source of amusement.



Sa kabila ng kinakaharap na dilemma ay masaya pa ring umuwi si Eiric sa bahay. Pumipito pa siya nang umakyat sa second floor at pumasok sa sariling silid. Pabagsak siyang nahiga sa kama at dumipa.

Nag-enjoy siya sa dalawang oras na pakikipag-usap kay Annika. Kahit vocational course lang ang tinapos nito ay halatang matalino ang dalaga. At may finesse itong kumilos, hindi galawgaw, hindi magaspang. Kaunting ayos lang at kayang-kaya nitong makipagsabayan sa mga kakilala niyang babae na nasa *alta sociedad*.

She could even outshine them.

Pero ang likas na pagiging simple nito ang nagustuhan niya. Hindi niya gugustuhing magbago ito. Sayang at hindi Ana ang pangalan nito. Di sana ay tapos na ang problema niya. Hindi na niya kailangang maghanap pa ng iba.

Magaan ang loob niya rito. Hindi niya pagsasawaang titigan ang maamong mukha ng dalaga. At hindi rin niya kababagutan ang presence nito. Kanina nga ay parang ayaw pa niyang ihatid ito. At sa sandaling nawalay ito ay na-miss niya agad ang dalaga.

Bumangon siya at kinuha ang CP para tawagan

ang numerong ibinigay nito. Napangiti siya nang sumagot kaagad ito pagkatapos ng isang ring. They talked for another hour. Kung literal na nagbabaga ang telepono kapag ginagamit, baka may third degree burn na ang tainga niya.

The next day ay sinundo niya si Annika sa *Manila City Hall*. Nagtaka ito nang makita siya sa labasan.

“Ano’ng ginagawa mo dito?” anito.

“Uwian na. Kaya sinusundo na kita.”

“Pero... hindi mo na dapat gawin ito.”

“Bakit ba? Sa gusto ko!” sagot niya. Napailing na lang ito at wala nang nagawa nang akayin niya papunta sa kanyang kotse.

Dinala niya muna ito sa isang coffee house.

“Na-*Google* mo na ba kung ano’ng significance ng December 21 sa sinabi ni Lola?”

“Hindi pa.”

“Hindi pa? O wala ka talagang balak alamin?”

“Annika,” napakamot siya sa ulo, “puwede bang kalimutan muna natin ang tungkol diyan?”

“Hindi mo puwedeng kalimutan, Eiric. Buhay

mo ang nakataya remember? Kung di tayo kikilos, mamamatay ka.”

Napakamot uli siya sa ulo.

“Hmp! Buti na lang masipag ako.” May dinukot itong papel sa loob ng bag at ipinakita sa kanya. “Iyong first phrase ng chant na binanggit ni Lola, about the earth being farthest away from the sun? Isa lang ang pinakamalapit na puwedeng meaning noon. Winter solstice, the time when the earth’s axial tilt is farthest from the sun. At nasa listahang iyan ng yearly occurrence from 1910 to the present.”

Tiningnan niya ang nakasulat. Naglalaro lamang sa dalawang dates ang sinasabi nitong winter solstice. Either the 21<sup>st</sup> or the 22<sup>nd</sup> of December. Noong taon na namatay ang kanyang papa, eksakto iyon sa date at oras kung kailan nagsimula ang winter solstice.

“So, aabutin pa naman pala ako ng December 21,” tila maluwag sa loob na sagot niya.

Kapwa sila natahimik nang ilang segundo.

“What about Ana?”

“Iyon pa nga. Sa files, dalawang tao lang ang plain na ‘Ana’ ang nakarehistrong pangalan na tagarito sa Manila. Iyong isa, last year lang ipinanganak.

Iyong isa naman, eighty-six years old na.”

He made a face and shrugged his shoulders.

“B-baka may iba pang paraan. Susubukan kong kausapin si Lola. Baka sakaling...”

“Annika,” he said, smiling fondly at her. Alam niyang nag-aalala ito sa kanya. “Kung talagang oras ko na, kahit ano pa ang gawin natin, di na ’yun mapipigilan.”

“P-pero Eiric—”

“If I am to die soon, then so be it. Pero hindi ko sasayangin ang natitira ko pang oras sa pag-aalala. Gusto kong mag-enjoy. Gusto kong maranasan ang mga hindi ko pa nararanasan. At gusto kong samahan mo ako.”

“Eiric naman...”

“Anong *Eiric naman*? Alam mo, mas paranoid ka pa kaysa sa akin.”

“Eh, para kasing wala kang pakialam.”

“Honey,” aniya, hinawakan ang isang kamay nito, “nasabi ko na sa iyo ang dahilan. At seryoso ako. I don’t want to waste my time worrying about some silly curse. And no more buts,” dugtong niya sabay

lagay ng hintuturo sa labi nito.

Annika gave him a resigned look. “Bahala ka na nga!”

“Good.”

“Pero hindi pa rin ako susuko,” determinado nitong saad. It appeared that they were both stubborn. Napailing na lamang siya at napangiti sa kakulitan ng dalaga.